

**ACT OF CONSECRATION AND ENTRUSTMENT  
TO THE IMMACULATE CONCEPTION**

We have recourse to your protection, O holy Mother of God.  
As we recite the words of this antiphon  
with which the Church of Christ has prayed for centuries,  
we find ourselves today before you, our Immaculate Mother.  
We, who make up the Body of Christ present in our land,  
recite the words of this Act of Consecration and Entrustment,  
in which we gather, first of all,  
the hopes and anxieties of our Filipino people,  
at this moment of our history.

Mother of our people, we rejoice in the name,  
*Pueblo amante de Maria*, a people who love Mary,  
*bayang sumisinta kay Maria*.  
You know all our sufferings and our hopes,  
you who have a mother's awareness  
of all the struggles between good and evil,  
between light and darkness, which afflict the world today.  
Mother of our people, accept the cry which we,  
deeply moved by the Holy Spirit, address directly to your heart.  
Embrace with the love of the Mother  
and Handmaid of the Lord, our people and our land,  
which now we entrust and consecrate to you,  
for we are truly concerned for the earthly  
and eternal destiny of every individual  
among us and for all our people.  
"We have recourse to your protection, O holy Mother of God;  
despise not our petitions in our necessities."

From hatred, violence, and conflicts  
which divide and destroy our people, deliver us.  
From sins against human life, from its very beginning, deliver us.  
From the demeaning of the dignity of the children of God, deliver us.  
From every kind of injustice in the life of society, deliver us.  
From readiness to trample on the commandments of God, deliver us.  
From the loss of awareness of good and evil, deliver us.  
From sins against the Holy Spirit, deliver us.

Accept, O Immaculate Mother of Christ, this cry,  
laden with the hopes and burdens,  
the sufferings of each one of us, and of all our people.  
Let there be revealed once more, in our own history as a people,  
the infinite power of the Redemption, the power of merciful love.  
May it destroy the power of sin and evil among us.  
May it transform consciences.

O Mary, Mother of Jesus and our Mother,  
our life, our sweetness and our hope! Amen.

## **PAGTATALAGA NG SAMBAYANANG PILIPINO SA INMACULADA CONCEPCION, PATRONA NG BANSANG PILIPINAS**

**“O Mahal na Ina ng Diyos, lumalapit kami sa iyong kalinga.”  
Habang sinasambit namin ang bawat kataga ng awiting ito na daang taon nang dinarasal ng Simbahan ni Kristo, humaharap kami sa iyo, aming Kalinis-linisang Ina. Kami na bumubuo ng “Katawan ni Kristo” sa bayang ito ay naghahayag sa mga salitang ito ng aming Pagtatalaga at Paghahabilin, kung saan napapaloob, una sa lahat, ang pag-asa at agam-agam ng sambayanang Pilipino sa kasalukuyan.**

**O Ina ng sambayanang nagagalak na tawaging “pueblo amante de Maria,” bayang sumisinta kay Maria, batid mo ang lahat ng aming mga pagdurusa at pag-asa. Natatanto mo bilang Ina ang mga tunggalian sa pagitan ng kabutihan at kasamaan, ng liwanag at kadiliman, na ngayon ay hinaharap ng daigdig.  
O Ina ng aming bansa, dinggin mo ang aming hibik na tahasan naming inihahatid sa iyong puso bunsod ng Banal na Espiritu. Yapusin mo nang may pagmamahal ng Ina at Lingkod ng Panginoon, ang aming sambayanan at bansa, na ngayon ay ipinagkakatiwala at itinatalaga namin sa iyo, dahil hangad namin sa bawat isa at sa buong sambayanan ang isang mabuting buhay sa kasalukuyan at ang pagkakamit ng buhay na walang hanggan.  
“O Mahal na Ina ng Diyos, lumalapit kami sa iyong kalinga; huwag mo nawang tanggihan ang aming mga kahilingan sa aming pangangailangan.”**

**Mula sa pagkamuhi, karahasan,  
mga paglalaban-labang naghahati  
at sumisira sa aming bayan, ipag-adya mo kami.  
Mula sa paglabag sa buhay ng tao,  
lalo na sa buhay sa sinapupunan, ipag-adya mo kami.  
Mula sa paglapastangan sa karangalan  
ng mga anak ng Diyos, ipag-adya mo kami.  
Mula sa lahat ng uri ng kawalan ng katarungan  
sa lipunan, ipag-adya mo kami.  
Mula sa kahandaang labagin  
ang mga Utos ng Diyos, ipag-adya mo kami.  
Mula sa kawalan ng pang-unawa  
sa mabuti at masama, ipag-adya mo kami.  
Mula sa kasalanan laban sa banal na Espiritu, ipag-adya mo kami.**

**Hibik nami’y pakinggan, O Mahal na Ina ni Kristo,  
lakip nito ang aming pag-asa at mga pasanin,  
ang mga paghihirap ng bawat isa at ng buong bayan.  
Ipakita mong muli sa amin, sa kasaysayan namin bilang isang bayan,  
ang walang hanggang kapangyarihan ng Pagliligtas,  
ang kapangyarihan ng maawaing pag-ibig.  
Puksain nawa nito ang kapangyarihan  
ng kasalanan at kasamaan sa amin!  
Baguhin nawa nito ang mga budhi ng bawat isa.**

**O Maria, Ina ni Hesus at aming ina,  
ikaw ang aming buhay, aming katamisan at aming pag-asa.  
Amen.**